

Ang Pag-alis ng mga Israelita sa Egypt

(Exodus 4-11, 14)

Si Moses ay nanirahan sa Midian at doon na nagkapamilya. Siya ay kinatagpo ng Diyos at pinabalik sa Egypt upang gawin ang Kanyang inutos.



Nang pabalik na si Moses sa Egypt, sinalubong at hinagkan ni Aaron ang kanyang kapatid na naglalakbay sa ilang. Sinabi ni Moses kay Aaron ang lahat ng sinabi ng Diyos sa kanya. Magkasama silang lumakad upang tipunin ang mga pinuno ng Israel. Lahat ng sinabi at pinagawa ng Diyos kila Moses at Aaron ay nasabi at nagawa nila. Nang malaman ng mga Israelita na dininig sila ng Diyos, yumuko at sumamba sila sa Kanya.

Pagkatapos nito, nagpunta sila sa Faraon. Sinabi nila, ang pinasasabi ng Diyos, "Payagan mo umalis ang mga Israelita upang makapunta sa ilang at nang makapagpista sila bilang parangal sa Akin."

Hindi pumayag ang Faraon na umalis ang mga Israelita. Hindi niya kinikilala ang Diyos nila. Nang araw ding iyon, sinabihan niya ang mga Egyptian na namamahala sa mga Israelita na pahirapan sila sa kanilang trabaho.

Nang malaman nila ang dahilan ng dagdag na pahirap sa kanilang trabaho ay nagalit sila kina Moses at Aaron.

Nanalangin si Moses sa Diyos. Sinabi ng Diyos na makikita ni Moses ang gagawin Niya sa Faraon. Kaya muli Niya siyang sinugo.

Nagpunta muli sila Moses at Aaron kay Faraon upang ihatid ang mensahe ng Diyos at magpakita ng kababalaghan. Hinagis ni Aaron ang

kanyang tungkod at ito ay naging ahas. Pinatawag ng Faraon ang mga matatalinong tao at salamangkero at pinagaya ang ginawa ni Aaron. Nagawa rin nila ito gamit ang kanilang lihim na karunungan. Ngunit nilulon ng tungkod ni Aaron ang kanilang mga tungkod. Bagamat nakita ng Faraon ang nangyari, nagmatigas pa rin siya at hindi nakinig kina Moses at Aaron.

Sa panibagong araw, muling bumalik sina Moses kay Faraon upang ihatid ang mensahe at ipakita ang kapangyarihan ng Diyos. Gamit ang tungkod ni Aaron ay nagawa niyang gawing dugo ang tubig ng dagat at lahat ng tubig sa buong Egypt. Namatay ang mga isda at bumaho ang ilog. Ngunit nagaya pa rin ito ng kanyang mga salamangkero kaya't lalong nagmatigas ang Faraon at hindi sila pinakinggan.

Nagpadala ang Diyos ng iba't-ibang salot na naapektuhan ang buong Egypt upang ipakita sa Faraon ang Kanyang kapangyarihan. Nagpadala ang Diyos ng maraming palaka, naging niknik ang lahat ng alikabok, dumagsa ang mga langaw, namatay ang mga hayop, nagkapigsa ang mga hayop at tao sa lupain, umulan ng malalaking tipak ng yelo, makapal na balang at nabalot ng dilim ang Egypt.

Sa tuwing magpapadala ng salot ang Diyos papayag ang Faraon na lumabas ng Egypt ang mga Israelita kapalit ang pag-alis ng mga salot. Ngunit matapos maalis ang mga salot na pinadala ay magmamatigas ulit ang Faraon at hindi sila pinapayagan na makaalis.

Sinabi ng Diyos kay Moses na magpapadala siya ng huling salot sa Faraon at sa buong Egypt at dahil dito ay papayagan na silang umalis. Muling kinausap ni Moses ang Faraon upang ihatid ang mensahe ng Diyos. Sinabi niya na sa hatinggabi ay maglalakad ang Diyos sa buong Egypt. Lahat ng panganay na lalaki at maging hayop, ay mamamatay.

Nang hating gabing iyon, nangyari nga ang sinabi ni Moses. Pinatawag ng Faraon sina Moses at Aaron upang sabihin na umalis na sila ng Egypt

upang sumamba sa kanilang Diyos. Matapos ang 430 years na paninirahan ng mga Israelita sa Egypt ay nakalaya na sila.

Nang makarating sa Faraon ang balita tungkol sa pag-alis ng mga Israelita, nagbago ang kanyang isip. Ipinahanda niya ang mga karwaheng pandigma at ang kanyang mga kawal at hinabol ang mga Israelita. Inabutan nila ang mga Israelita sa tabing dagat.

Matinding takot ang naramdaman ng mga Israelita. Sinabi ni Moses na lakasan nila ang kanilang loob, huwag matakot at tignan kung paano sila ililigtas ng Diyos.

Itinapat ni Moses ang kanyang tungkod sa ibabaw ng dagat. Umihip ang isang malakas na hangin at nahati ang tubig. Nakatawid ang mga Israelita. Ginulo naman ng Diyos ang mga Egyptians. Ang gulong ng kanilang karwahe ay nabaon kaya hindi na sila makahabol. Nang makatawid na ang mga Israelita itinapat ni Moses ang kanyang tungkod sa ibabaw ng dagat at nagsara muli ang dagat. Sinubukan tumakas ng mga Egyptians ngunit natabunan na sila ng tubig ng dagat.

Nang araw na iyon ang mga Israelita'y niligtas ng Diyos.

Ang Diyos ay makapangyarihan. Ipinakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan kila Moses, Aaron, mga Israelita, Faraon at mga Egyptians sa pamamagitan ng mga himala, mga salot at pagtawid ng mga Israelita sa Dagat na Pula. Ang pagkalaya ng mga Israelita mula sa 430 taong pagka-alipin sa Egipto ay pagpapamalas din ng kapangyarihan ng Diyos. Naniniwala ka ba na makapangyarihan ang Diyos? Nasaksihan mo na ba ang Kanyang kapangyarihan?

